# *Mga Kinakailangan ng Pagtawag ng Diyos Yugto 29. Sa Bahay ng Magpapalayok*

***"1 Ang salita na dumating kay Jeremias mula sa Panginoon, na nagsasabi, 2 Ikaw ay bumangon, at bumaba sa bahay ng magpapalyok, at aking iparirinig sa iyo ang aking mga salita roon. 3 Nang magkagayo'y bumaba ako sa bahay ng magpapalyok, at, narito, siya'y gumagawa ng kaniyang gawa sa pamamagitan ng mga gulong. 4 At nang mabasag sa kamay ng magpapalyok ang sisidlang putik na kaniyang ginagawa, ay gumawa siya uli ng ibang sisidlan, na minagaling na gawin ng magpapalyok. 5 Nang magkagayo'y dumating sa akin ang salita ng Panginoon, na nagsasabi, 6 Oh sangbahayan ni Israel, hindi baga ako makagagawa sa inyo na gaya ng paggawa ng magpapalyok na ito? sabi ng Panginoon. Narito, kung paano ang putik sa kamay ng magpapalyok, gayon kayo sa kamay ko, Oh sangbahayan ni Israel. 7 Sa anomang sandali ay magsasalita ako ng tungkol sa isang bansa, at tungkol sa isang kaharian, upang bunutin at upang ibagsak at upang lipulin; 8 Kung ang bansang yaon, na aking pinagsalitaan, ay humiwalay sa kanilang kasamaan, ako'y magsisisi sa kasamaan na aking inisip gawin sa kanila. 9 At sa anomang sangdali ay magsasalita ako ng tungkol sa isang bansa, at tungkol sa isang kaharian, upang itayo at upang itatag; 10 Kung gumawa ng kasamaan sa aking paningin, na hindi sundin ang aking tinig, ay pagsisisihan ko nga ang kabutihan, na aking ipinagsabing pakikinabangan nila. 11 Ngayon nga, salitain mo sa mga tao sa Juda, at sa mga nananahan sa Jerusalem, na iyong sabihin, Ganito ang sabi ng Panginoon, Narito, ako'y humahaka ng kasamaan laban sa inyo, at kumatha ng katha-katha laban sa inyo: manumbalik bawa't isa sa inyo mula sa kanikaniyang masamang lakad, at inyong pabutihin ang inyong mga lakad at ang inyong mga gawa. 12 Nguni't kanilang sinabi, Walang pagasa; sapagka't kami ay magsisisunod sa aming sariling mga katha-katha, at magsisigawa bawa't isa sa amin ng ayon sa katigasan ng kanikaniyang masamang puso. 13 Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon, Inyong itanong nga sa mga bansa, kung sinong nakarinig ng ganiyang mga bagay? ang dalaga ng Israel ay gumawa ng totoong kakilakilabot na bagay. 14 Magkukulang baga ng niebe sa Lebano sa bato sa parang? ang malamig na tubig na umaagos mula sa malayo ay matutuyo baga? 15 Sapagka't kinalimutan ako ng aking bayan, sila'y nangagsunog ng kamangyan sa mga diosdiosan; at sila'y nangatisod sa kanilang mga lakad, sa mga dating landas, at pinalalakad sa mga lana, sa daan na hindi Patag; 16 Upang gawin ang kanilang lupain na isang katigilan, at walang hanggang kasutsutan; lahat na nangagdadaan doon ay mangatitigilan, at mangaggagalaw ng ulo. 17 Aking pangangalatin sila na parang hanging silanganan sa harap ng kaaway; tatalikuran ko sila, at hindi ko haharapin, sa kaarawan ng kanilang kasakunaan, 18 Nang magkagayo'y sinabi nila, Kayo'y magsiparito, at tayo'y magsikatha ng mga katha-katha laban kay Jeremias; sapagka't ang kautusan ay hindi mawawala sa saserdote, o ang payo man sa pantas, o ang salita man sa propeta. Kayo'y magsiparito, at ating saktan siya ng dila, at huwag nating pansinin ang kaniyang mga salita. 19 Pakinggan mo ako, Oh Panginoon, at ulinigin mo ang tinig nila na nakikipagtalo sa akin. 20 Igaganti baga'y kasamaan sa kabutihan? sapagka't sila'y nagsihukay ng hukay para sa akin. Iyong alalahanin kung paanong ako'y tumayo sa harap mo, upang magsalita ng mabuti para sa kanila, upang ihiwalay ang iyong kapusukan sa kanila. 21 Kaya't ibigay mo ang kanilang mga anak sa kagutom, at ibigay mo sila sa kapangyarihan ng tabak; at ang kanilang mga asawa ay mawalan ng anak, at mga bao; at ang kanilang mga lalake ay mangapatay sa patayan, at ang kanilang mga binata ay masugatan ng tabak sa pagbabaka. 22 Makarinig nawa ng daing mula sa kanilang mga bahay, pagka ikaw ay biglang magdadala ng hukbo sa kanila; sapagka't sila'y nagsihukay ng hukay upang hulihin ako, at ipinagkubli ng mga silo ang aking mga paa. 23 Gayon man, Panginoon, iyong talastas ang lahat nilang payo laban sa akin upang patayin ako; huwag mong ipatawad ang kanilang kasamaan, o pawiin mo man ang kanilang kasalanan sa iyong paningin; kundi sila'y mangatisod sa harap mo; parusahan mo sila sa kaarawan ng iyong galit." (Jeremias 18:1-23 KJV)***

Sa ***Jeremias 18*** ay mabuting talata na maaring magpakita kung paano mo tutuparin ang tawag ng Dios sa iyong buhay. Ang pagtugon ni Jeremias at pakikipagtulungan sa paraang nais ng Dios na tumugon siya sa Kanyang pagtawag. Maari kang maging mabisa kagaya ni Jeremias sa pagtugon mo sa tawag ng Dios.

***1. Pumunta kung saan nais ng Dios ka pumunta: "1 Ang salita na dumating kay Jeremias mula sa Panginoon, na nagsasabi, 2 Ikaw ay bumangon, at bumaba sa bahay ng magpapalyok, at aking iparirinig sa iyo ang aking mga salita roon." (Jeremias 18:1-2 KJV) "1 Sinabi sa akin ni Yahweh, 2 "Magpunta ka sa bahay ng magpapalayok, at may ipahahayag ako sa iyo." (Jeremias 18:1-2 NIV)*** Pumunta kung saan nais ng Dios ka pumunta. Sa paaralan, sa ospital, sa klinik, sa pamilihan, atbp. Ang Panginoon ay sasabihin sa iyo ang tiyak na mensahe sa isang tiyak na lugar at hindi sa ibang lugar o kung saan ka naroon. Ang dahilan sas likod niyon ay kailangan mong makita ang ilang mga bagay bago mo maunawaan nang malalim ang mensahe ng Dios at kung ano ang sinasabi Niya sa iyo. Halimbawa ang Dios ay nagsalita sa aking asawa kapag siya ay nasa halamanan ng pagsasaka. ***"3 Nang magkagayo'y bumaba ako sa bahay ng magpapalyok, at, narito, siya'y gumagawa ng kaniyang gawa sa pamamagitan ng mga gulong. 4 At nang mabasag sa kamay ng magpapalyok ang sisidlang putik na kaniyang ginagawa, ay gumawa siya uli ng ibang sisidlan, na minagaling na gawin ng magpapalyok." (Jeremias 18:3-4 KJV) "3 Kaya nagpunta naman ako, at dinatnan ko ang magpapalayok sa kanyang gawaan. 4 Kapag ang ginagawa niyang palayok ay nasira, hinahalo niyang muli ang putik, at hinuhugisan nang panibago." (Jeremias 18:3-4 NIV)*** Nang makita ni Jeremias ang ginagawa ng magpapalayok sa putik at sinusubukang hugisan ito, paulit-ulit kahit na ito ay nasisira, gagamitin ng Panginoon ang imahinasyon upang salitain at ihatid ang Kangyang mensahe kay Jeremias sa isang paningin na pagsasalarawan, ***''5 Nang magkagayo'y dumating sa akin ang salita ng Panginoon, na nagsasabi, 6 Oh sangbahayan ni Israel, hindi baga ako makagagawa sa inyo na gaya ng paggawa ng magpapalyok na ito? sabi ng Panginoon. Narito, kung paano ang putik sa kamay ng magpapalyok, gayon kayo sa kamay ko, Oh sangbahayan ni Israel." (Jeremias 18 :5-6 KJV) "5 Pagkatapos, sinabi sa akin ni Yahweh, 6 "O Israel, wala ba akong karapatang gawin sa iyo ang ginawa ng magpapalayok sa putik na iyon? Kayo'y nasa mga kamay ko, tulad ng putik sa kamay ng magpapalayok." (Jeremias 18:5-6 NIV)*** *Gagamitin ng Panginoon sa iyo ang ilang imahinasyon na pagsasalarawan at kapag ikaw ay naroon na at tinitingnan kung ano ang nangyayari, kung gayon may maririnig ka ng tinig ng Panginoon na nagsasalita sa iyo*. Kaya matutong pakinggan ang tinig ng Dios sa mga lugar kung saan ka Niya pinapunta. Nakita ni Jeremias kung paano ang magpapalayok ay may buong lakas at kapangyarihan na hubugin at hubuging muli ang putik sa paraang gusto at nais Niya, at iyon ang mensahe; Kaya ng Dios at kayang gawin sa Kanyang bayan anumang naisin Niya. Kaya ng Dios at babaguhin Niya

ang Kanyang simbahan sa paraang gusto Niya na maging. Kaya Niyang harapin ang ating mga kasalanan at gagantimpalaan Niya tayo para sa ating pagsunod.

***2. Unawaing malinaw ang doktrina ng Dios: "7 Sa anomang sandali ay magsasalita ako ng tungkol sa isang bansa, at tungkol sa isang kaharian, upang bunutin at upang ibagsak at upang lipulin; 8 Kung ang bansang yaon, na aking pinagsalitaan, ay humiwalay sa kanilang kasamaan, ako'y magsisisi sa kasamaan na aking inisip gawin sa kanila. 9 At sa anomang sangdali ay magsasalita ako ng tungkol sa isang bansa, at tungkol sa isang kaharian, upang itayo at upang itatag; 10 Kung gumawa ng kasamaan sa aking paningin, na hindi sundin ang aking tinig, ay pagsisisihan ko nga ang kabutihan, na aking ipinagsabing pakikinabangan nila." (Jeremias 18 :7-10 KJV) "7 Kung sinabi ko man sa isang pagkakataon na aking bubunutin, ibabagsak o lilipulin ang alinmang bansa o kaharian. 8 at ang bansang iyon ay tumalikod sa kanyang kasamaan, hindi ko na itutuloy ang aking sinabing gagawin. 9Sa kabilang dako, kung sinabi ko man na itatayo ko o itatatag ang isang bansa o kaharian, 10 at gumawa pa rin ng kasamaan ang bansang iyon at hindi nakinig sa akin, babaguhin ko ang aking magandang balak," (Jeremias 18 :7-10 NIV)*** Maraming tao ang umaangkin ng mga pangako na tanggapin ang mga pagpapala mula sa Kanya at iyong ang totoo. Ngunit iyon ay hindi magiging posible kung sila ay hindi sumusunod sa Dios at tumatalima sa Kanyang Salita at tuntunin. Gaya ng iyong binasa sa talata 9 at 10 na kahit ipinangako ng Dios ang kabutihan sa isang bansa ngunit ang bansang iyon o ang mga tao ay hindi karapt-dapat doon, kung gayon magsisi ang Dios sa pagbibigay sa kanila ng Kanyang pabor. Sa parehong paraan kung ang Dios ay nangako ng kaparusahan para sa isang masamang bansa, at ang bansang iyon ay tumugon sa babala ng Dios at nagsisi sa kanilang mga kasalanan, kung gayon ang Dios ay magsisisi sa pagpapadala ng Kanyang kaparusahan sa bansang iyon gaya ng nabasa mo sa talata 7 at 8. Kahit ngayon, ang dakilang bansa na kilala bilang Cristianong bansa at hindi masunurin sa Dios, sa pamamagitan ng pag-abuso nila sa biyaya ng Dios at pagpapahintulot sa mga dios-diosan, labag sa kautusan na pag-aasawa, imoralidad at homoseksuwal at pagpapabago ng kasarian na makapasok sa kanilang mga simbahan, dadalhin ng Panginoon ang Kanyang poot sa kanila pagkatapos niyang ipangako ang mabubuting bagay dahil sila'y tumangging magsisi.

***3. Ipaalam sa mga tao ang tungkol sa plano ng Dios sa kanila: "11 Ngayon nga, salitain mo sa mga tao sa Juda, at sa mga nananahan sa Jerusalem, na iyong sabihin, Ganito ang sabi ng Panginoon, Narito, ako'y humahaka ng kasamaan laban sa inyo, at kumatha ng katha-katha laban sa inyo: manumbalik bawa't isa sa inyo mula sa kanikaniyang masamang lakad, at inyong pabutihin ang inyong mga lakad at ang inyong mga gawa." (Jeremias 18: 11 KJV) "11 Kaya nga, sabihin mo sa mga naninirahan sa Juda at sa Jerusalem na may binabalak ako laban sa kanila at ako'y naghahanda upang parusahan sila. Sabihin mo sa kanila na tigilan na ang makasalanang pamumuhay at magbago na sila." (Jeremias 18:11 NIV)***

Maraming tao a ng nagpapahayag ng ebanghelyo sinasabi nila sa mga tao na ang Dios ay may mabuting plano para sa kanila at sinipi nala ang ***Jeremias 29:11 "Sapagka't nalalaman ko ang mga pagiisip na aking iniisip sa inyo, sabi ng Panginoon, mga pagiisip tungkol sa kapayapaan, at hindi tungkol sa kasamaan, upang bigyan kayo ng pagasa sa inyong huling wakas." (Jeremias 29:11 KJV) "Kaya nga, sabihin mo sa mga naninirahan sa Juda at sa Jerusalem na may binabalak ako laban sa kanila at ako'y naghahanda upang parusahan sila. Sabihin mo sa kanila na tigilan na ang makasalanang pamumuhay at magbago na sila." (Jeremias 29:11 NIV)*** Iyon ay totoo ngunit kailangang maipaliwanag nang sapat. Ang ***Jeremias 29:11,*** ay magkatotoo lamang pagkatapos magsisisi ng mga tao. Ngunit kung sila ay nasa kasalanan, kung gayon kailangan mong sabihin sa kanila kung ano ang nasa ***Jeremias 18:11 Ganito ang sabi ng Panginoon, Narito, ako'y humahaka ng kasamaan laban sa inyo, at kumatha ng katha-katha laban sa inyo.***

Kapag ang bayan ng Dios ay nasa kasalanan, kung gayon ang ***Jeremias 18:11*** ay ang tamang mensahe sa mga tao upang babalaan sila at akayin sila na talikdan ang kanilang masamang mga daan. Ang ***Jeremias 18*** ay malinaw na inilarawan kung paano nagsasalita at kumilos ang mga mapanghimagsik na mga tao gaya ng mababasa mo dito sa sumusunod na talata ***"12 Nguni't kanilang sinabi, Walang pagasa; sapagka't kami ay magsisisunod sa aming sariling mga katha-katha, at magsisigawa bawa't isa sa amin ng ayon sa katigasan ng kanikaniyang masamang puso. (***Ang born again na simbahan ay nagpapatuloy hanggang ngayon sa kanilang mga pagdiriwang at mga pagkakasiyahan para sa kanilang mga dios-diosan, sa mga imoralidad, ang labag sa kautusan na pag-aasawa, at sa homossexual at pagpapalit ng kasarian. ***"13 Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon, Inyong itanong nga sa mga bansa, kung sinong nakarinig ng ganiyang mga bagay? ang dalaga ng Israel ay gumawa ng totoong kakilakilabot na bagay.*** (Gumagawa sila ng kakilakilabot na mga bagay laban sa Dios at laban sa Kanyang simbahan). ***"14 Magkukulang baga ng niebe sa Lebano sa bato sa parang? ang malamig na tubig na umaagos mula sa malayo ay matutuyo baga?*** (Sa kanilang patuloy na pagsuway, pagsamba sa dios-diosan, imoralidad, at ang kasuklam-suklam na kanilang ginagawa, tinatalikuran nila ang dakilang mga pagpapala ng Dios, at maging ang kanilang kaligtasan ay isinasanganib nila.
Mayroong apat na kasalukuyang dios-diosan na kinakaharap ng Dios

- Idolo ng Pag-aaral, mag-aaral kung anong gusto nila.
- Ang pag-aasawa sa gusto nila
- Ang mangibang-bansa upang manirahan sa gusto nila
- Upang ipamuhay ang istilo ng pamumuhay na gusto nilang isapamuhay at sa makamundong paraan.

Ang mga tao sa panahon ni Jeremias sila'y nagpaplano na pumunta sa Egipto, Ngunit si Jeremias ay sinasabi sa kanila, na kailangan nilang magsisi at handang isuko sa mga Babilonia at handang bayaran ang bunga ng kanilang mga kasalanan.

Tuluyan nilang kinalimutan ang Dios at ginagawa nila ang kanilang pinakamahusay sa pagsamba sa dios-diosan, at lumihis sila sa tamang landas na itinakda ng Dios at ng Kanyang Salita nang husto sa Kasulatan). ***"15 Sapagka't kinalimutan ako ng aking bayan, sila'y nangagsunog ng kamangyan sa mga diosdiosan; at sila'y nangatisod sa kanilang mga lakad, sa mga dating landas, at pinalalakad sa mga lana, sa daan na hindi Patag;'' (Jeremias 18 :15) ''12 At kayo'y magsisitawag sa akin, at kayo'y magsisiyaon at magsisidalangin***

***sa akin, at aking didinggin kayo. 13 At inyong hahanapin ako, at masusumpungan ako, pagka inyong sisiyasatin ako ng inyong buong puso. 14 At ako'y masusumpungan sa inyo, sabi ng Panginoon, at aking ibabalik uli kayo na mula sa inyong pagkabihag, at aking pipisanin kayo mula sa lahat ng bansa, at mula sa lahat ng dako na aking pinagtabuyan sa inyo, sabi ng Panginoon; at aking ibabalik kayo uli sa dakong mula sa aking pinagdalhang bihag sa inyo. 15 Sapagka't inyong sinabi, Ang Panginoon ay nagbangon sa amin ng mga propeta sa Babilonia." (Jeremias 18:12-15)*** Sila'y matitigas ang ulo at iginigiit na magpatuloy sa kanilang sariling mga plano at paraan. Sa kanilang ginagawa ay nakakalimutan nilang ang Panginoon na lumikha sa kanila at nagligtas sa kanila. Sinasamba nila ng mga dios-diosan at mayroong makamundong pagsasagawa at mga pamantayan na naging dahilan upang matisod sila sa kanilang mga daan at inilihis sila sa mga landas ng Dios. Hindi lang nila nakalimutan ang Dios, kundi iniwan din nila ang biyaya ng Dios at ang kabutihan ng Dios at ang lahat ng ibinigay Niya sa kanila at nagsimulang sundin ang kanilang sariling imahinasyon. Sinabi ng Dios, ***"14 At ako'y masusumpungan sa inyo, sabi ng Panginoon, at aking ibabalik uli kayo na mula sa inyong pagkabihag, at aking pipisanin kayo mula sa lahat ng bansa, at mula sa lahat ng dako na aking pinagtabuyan sa inyo, sabi ng Panginoon; at aking ibabalik kayo uli sa dakong mula sa aking pinagdalhang bihag sa inyo." (Jeremias 18:14 KJV)*** Sinasabi niya na may mag-iiwan ba ng magandang niyebe ng Lebanon at ang malamig at magandang tubig nito? Iyan ang iniwan ng bayan ng Dios sa mabubuting bagay at magandang buhay na ibinigay ng Dios sa kanila. Kaya't sa mga masuwayin at nag-aatubili na sumunod sa mensahe ng Dios kung gayon ito ang mensahe, ***"11 Ngayon nga salitain mo sa mga tao sa Juda, at sa mga nananahan sa Jerusalem, na iyong sabihin, Ganito ang sabi ng Panginoon, Narito, ako'y humahaka ng kasamaan laban sa inyo: manumbalik bawa't isa sa inyo mula sa kanikaniyang masamang lakad, at inyong pagbutihin ang inyong mga lakad at ang inyong mga gawa" (Jeremias 29:11 KJV) "11 Kaya nga, sabihin mo sa mga naninirahan sa Juda at sa Jerusalem na may binabalak ako laban sa kanila at ako'y naghahanda upang parusahan sila. Sabihin mo sa kanila na tigilan na ang makasalanang pamumuhay at magbago na sila." (Jeremias 18:11 NIV)*** *Sa pagtupad ng tawag ng Dios sa iyong buhay, sa anumang panahon na ito ay kinakaialangan, kailangan mong babalaan ang mga tao at payuhan sila na taliKdan ang kanilang masasamang lakad at baguhin ang kanilang mga lakad at kanilang mga pagkilos upang umayon sa mga landas ng Dios.*

***4. Ipaliwanag sa mga tao ang paghatol ng Dios: "16 Upang gawin ang kanilang lupain na isang katigilan, at walang hanggang kasutsutan; lahat na nangagdadaan doon ay mangatitigilan, at mangaggagalaw ng ulo." (Jeremias 18:16 KJV) "16 Ang lupaing ito'y ginawa nilang pook ng katatakutan, at pandidirihan habang panahon. Masisindak ang bawat dadaan dito dahil sa makikita nila; mapapailing na lamang sila sa malaking pagtataka." (Jermias 18:16 NIV)*** Ipaliwanag sa mga tao ang kanilang mga kasalanan at paghihimagsik ay maging dahilan upang gawin silang katatakutan at ikalat ng Dios sa pamamagitan ng pag-alis ng Kanyang mga pagpapala sa lupain at sa kanilang pagkalat. Ipinahahayag ko sa inyo ngayon kung ang mga tao ay hindi magsisisi at magbabalik as Dios, hahayaan Niya ang higit pang mga salot na dumating sa kanila.

Kapag ang bayan ng Dios ay naghimagsik, ipapadala sila ng Dios sa pagkabihag at hindi Niya sila pakikinggan at hindi sasagutin ang kanilang mga panalangin sa araw ng kanilang kalamidad. ***"17 Aking pangangalatin sila na parang hanging silanganan sa harap ng kaaway; tatalikuran ko sila, at hindi ko haharapin, sa kaarawan ng kanilang kasakunaan," (Jeremias 18:17 KJV) "17 Pangangalatin ko ang aking bayan sa harapan ng kanilang mga kaaway, gaya ng alikabok na hinihipan ng malakas na hangin. Tatalikuran ko sila at hindi tutulungan pagdating ng araw ng kapahamakan." (Jeremias 18:17 NIV)*** *Upang tuparin ang tawag ng Dios sa iyong buhay, kailangan mong sabihin sa mga tao na. Ipapangalat ka ng Dios sa harap ng iyong kaaway, at sa araw na ikaw ay nasa kagipitan at nangangailangan sa Dios, ipapakita Niya sa iyo ang Kanyang likuran sa halip na ipakita ang Kanyang mukha dahil hindi Siya nalulugod as iyo,' Ang gayong malinaw na mensahe ay makakatulong sa mga tao upang magsisi, upang talikuran ang lahat ng kanilang mga kasalanan, at ituwid ang kanilang mga lakad at kanilang mga pagkilos.*

***5. Magkaroon ng kamalayan na ikaw ay lulusubin at uusigin ng mga tao: "18 Nang magkagayo'y sinabi nila, Kayo'y magsiparito, at tayo'y magsikatha ng mga katha-katha laban kay Jeremias; sapagka't ang kautusan ay hindi mawawala sa saserdote, o ang payo man sa pantas, o ang salita man sa propeta. Kayo'y magsiparito, at ating saktan siya ng dila, at huwag nating pansinin ang kaniyang mga salita." (Jeremias 18:18 KJV) "18 Nang marinig ito ng mga tao, sinabi nila, "Patayin na natin si Jeremias! May mga pari namang magtuturo sa atin, mga matatalino na magbibigay ng payo, at mga propetang magpapahayag ng mensahe ng Diyos. Isakdal natin siya, at huwag nang pakinggan ang mga sinasabi niya." (Jeremias 18:18 NIV)*** *Gumawa sila ng plano laban kay Jeremias at gagawa sila ng plano laban sa iyo kapag ipinahayag mo sa kanila ang kalooban ng Dios at ang paghatol ng Dios laban sa kanilang mga kasalanan. Mamaliitin ka nila at sasabihin sa iyo na ang iba din ay nagtuturo at nanghuhula, at maging sila ay mas mahusay kaysa sa iyo upang pahinain ang mensahe ng Dios sa pamamagitan mo sa kanila*. Iyon din ang sinabi ni Jesus nang nagbabala Siya sa Kanyang mga alagad, at sa atin ngayon tungkol sa papalapit na pag-uusig. ***"Mapapalad ang maamo: sapagka't mamanahin nila ang lupa." (Mateo 5:12 KJV)***

Nilusob nila ang propetang si Jeremias ng kanilang mga dila at ng kanilang walang kagustuhang makinig at pakinggan ang Salita ng Dios na sinasalita sa kanila, ***"Nang magkagayo'y sinabi nila, Kayo'y magsiparito, at tayo'y magsikatha ng mga katha-katha laban kay Jeremias; sapagka't ang kautusan ay hindi mawawala sa saserdote, o ang payo man sa pantas, o ang salita man sa propeta. Kayo'y magsiparito, at ating saktan siya ng dila, at huwag nating pansinin ang kaniyang mga salita." (Jeremias 18:18 KJV)*** Ngunit si Jeremias ay nagpatuloy na naging matapat sa Panginoon sa pamamagitan ng kanyang pagsunod sa pagdadala ng Salita ng Dios sa mga tao.

*Kahit na ito'y magaganap, kailangan mong magpakatapang at magpakatatag ; hindi mo kailangang matakot o manghina ang loob. Ang Dios ay may buong kontrol pa rin at patutunayan Niya ang Kanyang Salita sa mga naghihimagsik laban sa Kanya.*

***6. Manalangin at humiyaw sa Dios para sa awa upang protektahan ka at upang harapin ang kanilang mga kasalanan: ""19 Pakinggan mo ako, Oh Panginoon, at ulinigin mo ang tinig nila na nakikipagtalo sa akin. 20 Igaganti baga'y kasamaan sa***

***kabutihan? sapagka't sila'y nagsihukay ng hukay para sa akin. Iyong alalahanin kung paanong ako'y tumayo sa harap mo, upang magsalita ng mabuti para sa kanila, upang ihiwalay ang iyong kapusukan sa kanila." (Jeremias 18:19-20 KJV) "19 Kaya nanalangin si Jeremias, "Yahweh, pakinggan mo ang aking dalangin; nalalaman mo ang binabalak ng aking mga kaaway. 20 Ang kabayaran ba ng kabutihan ay kasamaan? Ano't naghanda sila ng hukay upang ako'y patayin? Nalalaman mo kung paano ko sila idinalangin sa iyo upang huwag mong ipalasap sa kanila ang iyong poot." (Jeremias 18:19-20 NIV)*** Kapag ikaw ay nilusob ng mga tao, kailangan mong ibuhos ang ang iyong kaluluwa sa harap ng Dios at sabihin sa Kanya ang lahat ng iyong pinagdaraanan at magsumamo sa Kanya upang iligtas ka. Si Jeremias ay nanalangin at nag-aayuno para sa mga tao nang sila ay may suliranin. Si Jeremias ay nanalangin at nag-ayuno para sa kanila upang tulungan sila ng Dios, ngunit nang sila'y naging maayos sila'y bumaling at tinapakan si Jeremias at nais na kitilin ang kanyang buhay. Bahagi ng ating minsiterio ay usigin ng parehong tao na ating pinaglilingkuran at tinutulungan. Ang mga tao na ipinapanalangin at ipinagaayuno upang para sa kanila ay tulungan sila ng Dios, ay maaring bumalik at gawin ang kanilang makakaya upang wasakin tayo, ngunit hindi sila papahintulutan ng Dios.

***7. Ipahayag ang buong pagibig ng Dios sa mga taong umuusig sa iyo: "21 Kaya't ibigay mo ang kanilang mga anak sa kagutom, at ibigay mo sila sa kapangyarihan ng tabak; at ang kanilang mga asawa ay mawalan ng anak, at mga bao; at ang kanilang mga lalake ay mangapatay sa patayan, at ang kanilang mga binata ay masugatan ng tabak sa pagbabaka. 22 Makarinig nawa ng daing mula sa kanilang mga bahay, pagka ikaw ay biglang magdadala ng hukbo sa kanila; sapagka't sila'y nagsihukay ng hukay upang hulihin ako, at ipinagkubli ng mga silo ang aking mga paa. 23 Gayon man, Panginoon, iyong talastas ang lahat nilang payo laban sa akin upang patayin ako; huwag mong ipatawad ang kanilang kasamaan, o pawiin mo man ang kanilang kasalanan sa iyong paningin; kundi sila'y mangatisod sa harap mo; parusahan mo sila sa kaarawan ng iyong galit." (Jeremias 18:21-23 KJV) "21 Kaya ngayon, Yahweh, pabayaan mo nang mamatay sa gutom ang kanilang mga anak. Pabayaan mong mamatay sila sa digmaan. Pabayaan mong maulila sa asawa't mga anak ang mga babae, mamatay sa sakit ang mga kalalakihan, at masawi sa pakikidigma ang kanilang mga kabataang lalaki. 22 Magpadala ka ng masasamang-loob upang nakawan ang kanilang mga tahanan nang walang babala. Pabayaan mo silang magsigawan sa takot. Naghanda sila ng hukay upang mahulog ako at ng mga bitag upang ako'y mahuli. 23 Yahweh, nalalaman mo ang kanilang balak na pagpatay sa akin. Huwag mo silang patawarin sa kanilang kasamaan; huwag mong alisin sa iyong paningin ang kanilang kasalanan. Ibagsak mo silang lahat. Parusahan mo sila habang nag-aalab ang iyong poot." (Jeremias 18:1-23 NIV)*** Ang panalangin na ipinalangin ni Jeremias para sa mga tao at ang kanyang kahilingan sa Dios upang hatula sila sa kanyang galit ay napaka tindi at napaka mapanghusga at maaring tanungin ng ilan ba magsasabing si Jesus ay nagsabi, Pagpalain at hindi sumpain. Maaring sabihin nila ang tungkol dito ay isang tanging panalangin. Totoo iyon, at ang ginawa ni Jeremias, na ang kanyang panalangin ay naitala; isinulat niya ito, at naisa publiko para mabasa at malaman ng mga tao kung ano ang kanyang ipinalangin. Nanalangin siya na ang taggutom ay dumating sa kanila, at ang kamatayan ayy dumating sa kanila, sa kanilang mga anak, sa kanilang mga asawa, para sa mga babae na maging balo at ang kanilang bahay ay wasakin ng mga hukbo, atbp. Si Jeremias ba ay may galit o kapaitan at nasaktan sa mga taong iyon? Maaring dahil sinaktan nila siya, ngunit gayundin si Jeremias ay tapat sa kanyang pampublikong panalangin sa Dios, at iyon ang paraan na tunay niyang minahal ang mga tao nang hindi nita sila dinaya at itinago na siya ay nasaktan mula sa paglalantad nito sa kanila. Ang panalangin ni Jeremias ay isang propetikong panalangin, na nangangahulugang ito ang sinabi niya sa Kanyang panalangin kung ano ang gagawin ng Panginoon sa mga taong tumalikod sa Dios, sumunod sa kanilang mga dios-diosan at imoralidad, at hinamak ang Kanyang sugo at ang Kanyang Salita. Maging tayo ay nanalangin at nagsusumamo sa Dios para sa mga tao, kung walang pagsisisi sa kanilang buhay, ang sumpa ng Dios ay babagsak sa kanila. Tingnan mo ngayon sa Pandemya ng COVID 19 na ipinadala ng Dios, winasak niya ang lahat ng dios-diosan ng mga tao, ang mga pagtitipon, ang makamundong pagdiriwang, ang mga piging, ang mga palno ng paglalakbay, ang turismo, ang pagmamaayabang na may edukasyon at paglipat, lahat ng ito ay nagtapos dito sa Pandemya, at marami pang bagay ang magaganap. Ang make-up ay nawala at napalitan ng mask at ang hubad na pananamit ay napalitan ng PPe, at ang mga pagtitipon at ang pagdiriwang ay nawala at ipinagbabawal na may multa. Maraming taon akong sumisigaw at humihiyaw, walang pagdiriwang, huwag kumain sa restawrant, walang pagdiriwang at tumatawa ang mga tao, at hindi at hindi at hindi, at tumatawa at nangungutya, ngunit ngayon ang Dios Mismo ang humarang sa lahat ng mga bagay na ito. At paulit-paulit kong ipahahayag ito sa inyo, kung ang mga simbahan ay hindi magsisisi ang Dios ay magpapadala ng higit pang mga salot at higit pang mga sakuna hanggang sa ang Kanyang mga tao ay magsisi, sa pamamagitan ng kanilang dios-diosan, talikuran ang kanilang paglabag sa kautusan na pag-aasawa, ang imoralidad at lahat ng mga dios-diosan na nagpakilala sa Kanyang simbahan, at bumalik sa Dios sa pagsisisi.

Mahal ng Dios ang mga taong umuusig sa iyo. At kailangan mong maunawaan na ang Dios sa pagpapanatili sa iyo at pagtaguyod sa iyo sa gitna nila sa kabila ng lahat ng kanilang pinsala at pananakit at ang pag-ibig ng Dios sa kanila sa patuloy na pagpapadala sa kanila ng Kanyang mensahe sa pamamagitan ng iyong buhay. At para ipahayag mo ang katapatan sa lahat ng kanilang maling gawain, isulat ang mga iyon, at hilingin sa Dios na hatulan sila sa pagpapahayg sa kanila ng hindi nasisiyahan ang Dios, at iyon ang kahanga-hangang gawain na magagawa mo upang ipakita ang iyong buong pagmamahal sa kanila. Ang pagibig sa kapwa-tao at pagibig ay nasisiyahan sa katotohanan, at gayon din sa iyong ginagawa kapag sinabi mo sa mga tao ang lahat ng bagay nang harapan ay tunay mong minamahal sila, at mahal mo sila.

***Sa aking mahal at minamahal: "14 Kayo ang ilaw ng sanglibutan. Ang isang bayan na natatayo sa ibabaw ng isang bundok ay hindi maitatago. 15 Hindi rin nga pinaniningasan ang isang ilawan, at inilalagay sa ilalim ng isang takalan, kundi sa talagang lalagyan ng ilaw; at lumiliwanag sa lahat ng nangasa bahay. 16 Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit." (Mateo 5:14-16 KJV) "14 Kayo ang ilaw ng sanlibutan. Ang isang lungsod na nakatayo sa ibabaw ng burol ay hindi maitatago. 15 Walang taong nagsisindi ng ilaw at pagkatapos ay inilalagay iyon sa ilalim ng banga. Sa halip, inilalagay iyon sa talagang patungan upang matanglawan ang lahat ng nasa bahay. 16 Gayundin naman, dapat ninyong paliwanagin ang inyong ilaw sa harap ng mga tao upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at papurihan ang inyong Ama na nasa langit." (Mateo 18:14-16 NIV)*** *Ang iyong kagustuhan na manatili kung saan*

*ka inilagay ng Dios at gitna ng mga tao na hiniling Niya sa iyo upang magministerio ay bahagi ng iyong pagsasakatuparan ng pagtawag ng Dios sa iyong buhay.*

*Si Jeremias ay hindi kailanman tumakas o lumayo sa mga tao na hiniling ng Dios na harapin niya, ipinangaral ang mensahe at ipinahayag sa kanila ang paghatol ng Dios. Siya ay tapat at hindi binago ang mensahe na nais ng Dios na sabihin niya as mga tao. Ito ang magiging paraan upang ipakita ang iyong buong pangako sa pagtawag ng Dios sa iyong buhay.*

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa harap mo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para as aking mga kasalanan at nabuhay na maguli sa kamatayan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat as iyong malinaw na salita sa akin.*

*Ating ipahayag at talikdan ang ating mga kasalanan*_______________________________________________________________.

*Panginoon hinihiling kong patawarin ako sa aking mga kasalanan ng pagkatakot sa tao at walang kagustuhang harapin ang mga tao sa mensahe na ipinadala mo sa akin upang sabihin sa kanila.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na manatili kung saan moa ko inilagay at gawin ang ministerio na ipinagkatiwala sa akin na gawin sa anumang detalye na inilarawan mo sa akin.*

*Panginoon protektaha moa ko mula sa mga taong nagagalit sa akin dahil hinarap ko sila ng iyong Salita at ng iyong paghatol. Panginoon iligtas mo ako mula sa masama.*

*Panginoon itaguyod ako at itaguyod ang buhay ng mga tao na naglilingkod kasama ko, Panginoon ibigay ang lahat ng aking mga kailangan, bigyan mo ako ng kalakasan na magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon puspusin akong muli ng Banal na Espiritu at bigyan ako ng espirituwal na mga kaloob na aking kailangan upang ipalaganap ang iyong Salita at pumaroon at gumawa ng mga alagad.*

*Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na ipinangako ang kanilang buhay upang maglingkod sa iyo. Panginoon bigyan sila ng katapangan at itaguyod sila sa pagpahayag ng iyong Salita at ng iyong kalooban sa mga tao na ipinadala mo sa amin. Panginoon protektahan sila at ibigay ang kanilang mga kailangan. Panginoon puspusin sila ng Banal na Espiritu upang sila'y makaparoon at magebanghelyo at gumawa ng mga alagad. Panginoon hayaan ang kanilang patotoo ay makaakit sa iba at dalhin sila sa iyong Kaharian.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at ibaba sa amin ang espirituwal na mga kaloob na kailangan naming magpatuloy ar gumawa ng mga alagad sa lahat ng mga bansa. Panginoon bigyang-daan kaming ipahayag ang iyong Salita nang ganap sa mga pinadala mo sa amin. Panginoon pahitulutan kami na mag-ebanghelyo at maabot ang mga nawawala at bagong lugar sa pamamagitan ng Ebanghelyo ni Jesus. Panginoon tulungan kami na magtanim ng mga bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan, at magtayo ng higit pang mga alagad at manggagawa para maglingkod sa iyo. Panginoon patuloy kaming protektahan at ibigay ang lahat ng aming mga pangangailangan. Panginoon paglain kami, plawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1gmail.com.